ANG DIYOS NINA ABRAHAM, ISAAC, AT JACOB

(Biyernes—Ikalawang Sesyon sa Umaga)

Mensahe Lima

Pamumuhay ng isang Buhay na Nagtatamasa ng Biyaya para sa Mabuting Kaluguran ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 26:3-4, 12-33; Gal. 6:18; 1 Cor. 15:10; 2 Cor. 12:7-10; Apoc. 22:21

I. Si Isaac ay isang modelo, isang huwaran, ng pagtatamasa sa biyaya ng Diyos para sa mabuting kaluguran ng Diyos—Gen. 24:36; 25:5; 26:3-4, 12-33; Roma 5:1-2; Gawa 4:33; 11:23:

A. Ang biyaya ay ang Diyos sa loob ni Kristo bilang Espiritu na isinagawa tungo sa ating katauhan para sa ating pagtatamasa upang maging lahat-lahat sa atin at upang gawin ang lahat ng bagay sa loob natin, sa pamamagitan natin, at para sa atin nang sa gayon ay maging bumubuong-sangkap Siya ng ating katauhan para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo upang mapasukdol ang Bagong Herusalem—Juan 1:16-17; Heb. 10:29b; 1 Cor. 15:10; cf. Gal. 2:20; 2 Cor. 13:14.

B. Ang ating itinakdang kalagayan ay ang tamasahin ang biyaya ng Diyos; ang itinakdang kalagayang ito ay itinalaga noong una pa bago ang pagtatatag ng sanlibutan—Efe. 1:3-6; 2:7.

C. Ang El-shaddai, ang Sumasapat sa lahat na Diyos, ay ang sumasapat sa lahat na biyaya upang tustusan ng kayamanan ng Kanyang dibinong kakanyahan ang Kanyang mga tinawag para sa katuparan ng Kanyang layunin—Gen. 17:1; 28:3; 2 Cor. 12:9; Fil. 1:19-21a.

II. Pagkatapos matuos ng Diyos ang natural na lakas at sariling pagsusumikap ni Abraham, ipinanganak si Isaac (Gen. 17:15-19; 18:10-14; 21:1-7); ipinahihiwatig nito na si Isaac ay ipinanganak ng biyaya, na kinakawatan ni Sarah (Gal. 4:23-28, 31; 1 Ped. 3:7):

A. "Mayroon bang bagay na lubhang kamangha-mangha kay Jehovah? Sa takdang panahon ay babalik Ako sa iyo, ayon sa panahon ng buhay, at si Sarah ay magkakaroon ng isang anak na lalaki"—Gen. 18:14:

1. Ang panahon ng buhay (b. 10), ang takdang panahon para sa kapanganakan ni Isaac (17:21), ay ang panahon ng pagbisita ng Diyos (21:1).
2. Ang kapanganakan ni Isaac ay ang pagdating ni Jehovah, na siyang pagdating ng biyaya—cf. Juan 1:17.
3. Si Isaac ay ipinanganak sa pamamagitan ng lakas ng biyaya ng Diyos, hindi sa pamamagitan ng lakas ng natural na buhay ng tao; naganap ito pagkatapos matuli si Abraham at siya at ang kanyang asawa, si Sarah, ay naging ganap na patay (Gen. 18:11; Roma 4:18-19), sumasagisag na ang panahon ng buhay, ang panahon kung kailan si Kristo ay magiging buhay sa atin, ay darating pagkatapos mawakasan ang ating natural na lakas.

B. Inihahayag ng buhay ni Abraham na kung tatamasahin natin ang biyaya ng Diyos at magkakaroon ng lubos na pagtatamasa sa Kanyang kayamanan, kailangang magdusa tayo ng kalugihan at matuli ang ating natural na buhay, maputol; ang pinakamalaking hadlang sa pagkilala at pagdaranas sa biyaya ay ang sarili—Gen. 17:11, 19; cf. Fil. 3:3.

C. Inihahayag ng buhay ni Isaac na ang pagdurusa natin upang wakasan ang ating natural na buhay ay para sa pagtatamasa ng biyaya ng Diyos—cf. 2 Cor. 1:8-9, 12; 12:7-10; Roma 5:1-5.

III. Si Isaac ay lumago sa biyaya; ang lumago sa biyaya ay ang lumago sa pagtatamasa ng lahat ng kung ano si Kristo sa atin bilang ating espiritwal na pagkain at buháy na tubig—Gen. 21:8; 2 Ped. 3:18; 1 Ped. 2:2; 1 Cor. 3:2, 6; Efe. 3:8; 4:15:

A. Ang paglago ni Isaac ay sumasagisag sa paglago ni Kristo sa mga Bagong Tipang mananampalataya matapos Siyang maipanganak sa kanila; ang paglago ni Kristo sa atin ay kinakailangan upang maihubog si Kristo sa atin—1 Cor. 3:6; Gal. 4:19; *Mga Himno,* #395.

B. Ang Espiritu ng biyaya (Heb. 10:29) ay ang biyaya ng buhay (1 Ped. 3:7), ang iba't ibang biyaya ng Diyos (4:10), ang Diyos ng lahat ng biyaya (5:10), at ang sumasapat sa lahat na biyaya (2 Cor. 12:9); ang biyayang ito ay nasa ating espiritu na ngayon (Gal. 6:18).

C. Ang paraan upang matanggap at matamasa ang biyaya araw-araw ay sa pamamagitan ng dugo, ng salita, ng Espiritu, at ng ekklesia:

1. Ang nagtutubos na dugo, ang dugo ng tipan, ang sariling dugo ng Diyos, ay nagdadala sa mga makasalanan, napasamang tao tungo sa walang hanggang pagtatamasa sa Diyos—Gawa 20:28; Mat. 26:28; Lev. 16:11-16; Heb. 10:19-20; 1 Juan 1:7, 9.
2. Ang salita ng biyaya ay maaari nating kainin at sa atin ay maging kagalakan at kasiyahan ng ating puso—Gawa 20:32; Jer. 15:16; Juan 6:63.
3. Ang Espiritu ng biyaya bilang masaganang panustos ng naproseso at napasukdol na Diyos ay ang langis ng masidhing kagalakan na siyang ipinapahid sa atin bilang mga kasama ni Kristo—Heb. 1:9; 10:29b; Zec. 12:10a.
4. Nararanasan ng ekklesia ng Diyos ang sariwa at nagpapanariwang biyaya ng Diyos bilang bumababang hamog, na dumarating sa atin mula sa kalangitan sa pamamagitan ng mga kahabagan ng Diyos upang diligan at transpormahin tayo—Awit 133:3; Panag. 3:22-23; 2 Cor. 13:14; Gawa 11:23.

D. Ang paraan upang araw-araw na tumanggap at magtamasa ng biyaya ay ang bumaling sa espiritu, ensayuhin ang espiritu, at iluklok ang Panginoon—Heb. 4:16; Roma 5:17, 21; cf. Apoc. 4:2:

1. Ang trono ng Diyos ay ang pinagmumulan ng dumadaloy na biyaya; sa tuwing nabibigo tayong iluklok ang Panginoon, pinaaalis Siya mula sa trono, humihinto ang pagdaloy ng biyaya—22:1; Col. 1:18b; Apoc. 2:4; 1 Ped. 5:5.
2. Kung iluluklok natin ang Panginoon sa loob natin, ang Espiritu bilang ang ilog ng tubig ng buhay ay dadaloy mula sa trono ng biyaya upang tustusan tayo; sa ganitong paraan ay tatanggap tayo ng biyaya at magtatamasa ng biyaya—Apoc. 22:1; *Mga Himno,* #770.

E. Ang paraan upang araw-araw na tumanggap at magtamasa ng biyaya ay ang ibigin ang Panginoon, ialay ang ating mga sarili sa Panginoon, at kaugnayin ang Panginoon sa Kanyang Salita sa pamamagitan ng lahat ng panalangin—2 Cor. 5:14; Efe. 6:24; Lev. 6:12-13; Efe. 6:17-18; Gawa 20:32.

IV. Si Isaac ay naging tagapagmana rin sa biyaya; tayo rin ay mga tagapagmana ng Diyos, tinatamasa Siya bilang prenda ng ating mana upang manahin natin Siya at

upang manahin Niya tayo—Gen. 21:9-12; 24:36; 25:5; Roma 8:17; Gawa 26:18; Efe. 1:11, 14, 18:

A. Minana ni Isaac ang lahat ng bagay mula sa kanyang ama (Gen. 24:36; 25:5); sa Bagong Tipan ang lahat ng tinawag na mananampalataya ay mga tagapagmana ng ganap at walang kondisyong biyaya ng Diyos, minamana ang lahat ng kayamanan ng dibinong kapuspusan para sa ating pagtatamasa (Efe. 1:3, 6; 3:8, 19).
B. Isinasagisag ni Isaac na hindi tayo gumagawa ng anuman sa ganang ating sarili o naghahanap ng anuman sa ganang ating sarili; si Isaac ay ang pagtatamasa ng lahat ng kay Abraham, sumasagisag sa lahat ng bagay ng Ama—Gen. 24:36; 25:5.
C. Ang pagkakilala sa Diyos ni Isaac ay nangangahulugan lamang ng isang bagay: pagkakilala sa Diyos bilang ang Tagapagtustos at na ang lahat ng bagay ay nagmumula sa Kanya; nangangahulugan din ito na ang lahat ng bagay ay dumarating sa pamamagitan ng pagtanggap at na ang pagtanggap ay ang lihim sa pagtatagumpay—Efe. 1:3; Fil. 1:19; Juan 1:16; Roma 5:17; 8:2.

V. Si Isaac ay sumunod sa loob ng biyaya; sa tuwing sumusunod tayo sa loob ng biyaya, makakatagpo natin ang probisyon ng Diyos—Gen. 22:5-10; Juan 1:17:

A. Ang biyaya ng Diyos ay makapangyarihan, nagbibigay-kakahayan sa atin na pasanin ang anumang bagay—2 Tim. 2:1.
B. Ang biyaya ay nakapaghahari sa lahat ng bagay—Roma 5:21; Heb. 4:16.
C. Ang bumalik sa kautusan ay ang tanggihan ang biyayang ito, ang ipawalang-bisa ang biyayang ito, ang mahulog mula sa biyaya—Gal. 2:21; 5:4; cf. Gen. 16:16; 17:1:
   1. Ang mahulog mula sa biyaya ay ang mauwi sa wala, mabawasan hanggang sa maging wala, mahiwalay kay Kristo, mapagkaitan ng lahat ng pakinabang mula kay Kristo—cf. Juan 15:4-5.
   2. Kung magtutungo tayo sa anumang bagay liban kay Kristo, gaya ng kautusan o pagpapabuti ng pag-uugali, at hindi kakapit kay Kristo upang matamasa natin Siya sa lahat ng panahon, ang pagtatamasa natin kay Kristo ay kukumpiskahin—cf. Col. 2:18.
D. Kailangan tayong mapagtibay ng biyaya, yaon ay ang manatili sa bagong tipan upang tamasahin si Kristo bilang biyaya—Heb. 13:9; cf. Gal. 5:4.

VI. Tumanggap si Isaac ng sandaang ulit na ani, "at naging mayaman ang lalaki at patuloy na yumaman hanggang sa naging napakayaman"—Gen. 26:12-14:

A. Ang ating mga puso ay kailangang maging mabuting lupa upang ang salita ng biyaya ng Diyos ay malayang lumago sa atin at magbunga ng sandaang ulit—Luc. 8:8, 11, 15; Gawa 20:32.
B. Kailangan nating patuloy na tumanggap ng humihigit na kayamanan ng biyaya ng Diyos, na siyang kayamanan ng Diyos Mismo para sa ating pagtatamasa—Roma 5:17; Juan 1:16; Efe. 1:7; 2:7.

VII. Bagaman tinamasa ni Isaac ang walang kondisyong biyaya ng Diyos, nakasusumpong ng katamasahan at kasiyahan (isinagisag ng isang balon) sa bawat lugar na pinuntahan niya (Gen. 25:11; 26:15-25, 33), ang Beer-sheba ang namumukod-tanging lugar kung saan naranasan niya ang pagpapakita ng Diyos, tinanggap ang Kanyang pangako, nagtayo ng isang altar, tumawag sa pangalan ng Panginoon, at nagtayo ng isang tolda bilang isang patotoo:

A. Ang mga tinawag ng Diyos ay itinakda upang tamasahin ang biyaya ng Diyos anuman ang kanilang katayuan, subalit hindi inaaring-matuwid ng pagtatamasang ito ang kanilang katayuan.
B. Kung ninanais nating magkaroon ng pagpapakita ng Diyos, manahin ang Kanyang mga pangako, at mamuhay ng isang buhay para sa katuparan ng Kanyang walang hanggang layunin, kailangan nating magtungo sa namumukod-tanging lugar na pinili ng Diyos at manatili roon.
C. Ang namumukod-tanging lugar na ito ay isinasagisag ng Beer-sheba, na may balon para sa panustos-buhay at puno ng tamarisko bilang kahayagan ng mayamang daloy ng buhay—bb. 23-24; 21:25, 33.

VIII. Minana ni Isaac ang pangako na ibinigay ng Diyos sa kanyang ama hinggil sa mabuting lupain at sa namumukod-tanging binhi, na siyang si Kristo, na sa Kanya ay pagpapalain ang lahat ng bansa sa lupa—26:3-5; Gal. 3:14, 16:

A. Ang namumukod-tanging binhi ni Abraham bilang huling Adam ay naging Espiritung nagbibigay-buhay, na siyang pagpapala ni Abraham (ang realidad ng mabuting lupain), para sa pamamahagi ng Kanyang sarili tungo sa mga mananampalataya ni Kristo upang gawin silang sama-samang binhi ni Abraham—bb. 14, 16, 29; 1 Cor. 15:45b; Juan 12:24; Isa. 53:10.
B. Ang pangakong ito ay para sa katuparan ng layunin ng Diyos upang magkaroon ang Diyos ng kaharian sa lupa kung saan maihahayag ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng isang sama-samang bayan—Gen. 1:26; Marc. 4:26; Dan. 2:34-35.
C. Sa pamamagitan ng pagtatamasa natin sa biyaya, ang kaharian ng Diyos ay maisasarealidad, at ang Diyos sa loob ni Kristo ay lubos na mahahayag magpasawalang-hanggan—Apoc. 22:21; Efe. 2:10.

© 2026 Living Stream Ministry